# Mga materyales sa oryentasyon

1. Mga kasali

① Mga mag-aaral

Mag-aaral ng wikang Hapon sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa isang Japanese-Language Supporters.

② Japanese-Language Supporters

Sila ay makikipag-usap sa mga mag-aaral gamit ang wikang Hapon.

Sila ay magsasalita sa paraang madaling maunawaan ng mag-aaral.


③ Guro・Assistant

Sila ang mangangasiwa sa mga aktibidades sa loob klase.


Mangyaring makipag-ugnayan sa kanila kung may alalahanin sa klase.

④ Foreign Resident Coordinator

Kung may problema tungkol sa klase, maaari silang makatulong.




愛知県「はじめての日本語教室　指導者のための教材活用マニュアル」P.7



2. Layunin ng klase

【 Mga mag-aaral 】

Magawang makipag-usap gamit ang wikang Hapon tungkol sa mga paksang pamilyar, tulad ng mga pagbati at pagpapakilala sa sarili.

【 Japanese-Language Supporters 】

Matututunan kung paano makipag-usap sa mga taong hindi gaanong nakakaintindi ng wikang Hapon.

【 Lahat ng mga kasali 】

Kilalanin ang bawat tao sa klase at makipagkaibigan.



# 3. Daloy ng klase




## ① Tingnan ang Topic at suriin ang listahan ng "Can do".

Tingnan ang  1 at kumpirmahin ang topic na pag-uusapan ngayong araw at tignan din ang topic ng "Can-do".

Magsagawa ng ebalwasyon sa sarili sa Can-do [Bago ang klase].

## ② Makinig sa modelo o guro

Magkukuwento ang guro tungkol sa topic sa araw na ito ayon sa sarili niyang karanasan.

Pag-iisipan ng mga kasali ang patungkol sa topic para sa araw na ito.





## ③ Pakikipag-usap (1)

Pag-usapan ang topic sa araw na ito nang magkapares o grupo.

Tingnan ang mga tagubilin at mga larawan sa worksheet para matulungan kang isipin kung ano ang gusto mong sabihin.

Magsulat ng memo sa  1 tungkol sa nais sabihin.

Ang mga memo ay maaaring mga larawan, sariling salita, Romaji letters at iba pa.

Isusulat naman sa  2 ang mga bagay na napansin o first time na narinig na salita at mga naunawaang bagay.

Ang memo ay pwedeng isulat sa sariling wika o romaji letters.




## ④ Pakikipag-usap (2)

Makipagpalitan ng kapares o kagrupo para makipag-usap sa iba't-ibang tao.

Sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iba't-ibang tao tungkol sa parehong topic, magagawang ipahiwatig ang nais sabihin.

## ⑤ Tingnan ang listahan ng "Can-do"




Magsagawa ng ebalwasyon sa sarili sa Can-do [Pagkatapos ng klase]

## ⑥ Isulat ang mga bagay na pinag-usapan sa araw na ito.

Isulat sa 2 ang mga bagay na pinag-usapan sa araw na ito.

Magsulat at siguraduhing masasabi ito gamit ang wikang Hapon mamaya.

Pwedeng isulat sa salitang naiintindihan.

## ⑦ Isulat ang salita na nais isaulo.

Isulat sa 3 ang nais isaulong salita sa araw na ito.

Piliin ang nais isaulong salita habang tinitingnan ang  1 o  2 at isulat.

## ⑧ Magsulat ng reaksyon



Isulat sa 4 ang reaksyon tungkol sa pag-aaral ngayong araw.

Isulat ang mga bagay na nagawa, kung saan nahirapan at opinion tungkol sa araw na ito.

Dahil isusulat ang sariling saloobin,

isulat ito sa sa sariling wika.

